



MGA AWIT SA MALIIT NA MISAL

2005 TAON A
PANAHON NG PAGHAHANDA
SA PAGKABUHAY NG PANGINOON
March 6, 13, 20

PAMBUNGAD NA AWIT

March 6 & 13
AWIT NG PAGLAYA
(Honrada-Titco)

Koro: Dinggin, himig ng bayang malaya
Awit ng papuri't pasasalamat
Ang Panginoon ng ating paglaya
Muling nagpatunay ng pag-ibig Nya.

1. Nakita ng Panginoon, hirap ng kanyang bayan
Mga kaaway kanyang nilupig
kanyang iniligtas itong ating bayan.
2. Halina at magsilapit papurihan sa awit
Ang Panginoong Diyos ng pag-ibig
Magalak sa Kanya tayo'y umawit.

PAGMAMAHAL SA PANGINOON
(Hontiveros)

Koro: Pagmamahal sa Panginoon
ay simula ng karunungan
ang kanyang kapuriha'y manatili magpakailanman.

1. Purihin ang Panginoon, Sya'y ating pasalamatan
Sa pagsasama at pagtitipon ng kanyang mga anak.
2. Dakilang gawain ng Diyos karapat-dapat pag-aralan
Ng tanang mga taong sumasamba sa Kanya.

PAG-AALAY

PAGTITIPAN (Javellana-Hontiveros)
(Paghahandog Praisebook p. 91)

Hesukristo na naglingkod sa taong mahal
buong puso ang sarili'y inialay
aking buhay pagpalait bihagin
upang iyong alipin manatili sa pag-ibig Mo
Panginoon munti ngang handog ko sa iyo
sa tingin Mo halaga ay higit sa ginto
sapagka't Diyos ko tangi Mong hinahanap
sa pag-ibig magiging tapat sa puso ko.

BUHAY PAGMAMAHAL

Koro; Buhay pagmamahal alak at tinapay
Sanay tanggapin mo amang mapagmahal.
1. Ngayon sa yng hapag kami'y nag-aalay
Alak at tinapay alay ng yong bayan. (koro)
2. Buhay pag-iisip kalulwa't katawan
Ang lahat-lahat na, taglay nitongbuhay. (koro)

AWIT SA PAKIKINABANG

HALINA'T ATING PAGSALUHAN

1. Halinat ating pagsaluhan ang piging ng Panginoon
Sa pinagpalang sakramento (2x)

Koro: Tinapay ay kanin at alak ay inumin
Katawan at dugo ng Poon natin
Pagsluhan ang kanyang buhay
Ito'y sa 'yo ito'y sa akin
Sapagka't tayo'y iisa sa kanyang paningin.

2. Halinat ating pagsaluhan ang hapunan ng Panginoon
Sa pinagpalang sakramento (2x)
3. Halinat ating pagsaluhan ang pag-ibig ng Panginoon
Sa pinagpalang sakramento (2x)
4. Halinat ating pagsaluhan ang pagkabuhay ng Panginoon
Sa pinagpalang sakramento (2x)

KRISTO

A Bm E7 A
Ikaw ang lagi kong kausap
Bm7 E7
Ikaw ang laging tinatawag
A/E C#/E# D/F#
Gabay ka ng bawa't pangarap
B7 E7
Lakas ng bawa't pagsisikap
A Bm E7 A
Ikaw ang tunay na kaibigan
Bm/F# E
Ginto ang puso't kalooban
A/E C#/E# D/F#
Nguni't hindi lahat ay may alam
B7 E
Na Kristo ang iyong pangalan

Koro:

A A/E E/G# A/C# Em/B DM7-D
Kristo, Kristo, bakit minsan ka lang nakikilala
Dm/A A/E
Kapag nakadama ng dusa't pangamba?
B7 E7
Tinatawagan ka sana'y maawa ka

Kristo, Kristo, kulang pa ba ang pag-ibig na dulot mo?
Bakit ba ang mundo ngayo'y gulong-gulo?
Anong dapat gawin? Kami'y tulongan mo.

A Bm D A
Coda; O Kristo, Kristo, Kristo.

HESUS NA AKING KAPATID (Hontiveros)

1. Hesus na aking kapatid sa lupa nami'y bumalik
iyong mukha'y ibang-iba hindi kita nakikilala
Koro: Tulutan mo aking mata mamulat sa katotohanan
Ikaw Poon makikilala sa taong mapagkumbaba.
2. Hesus na aking kapatid putikin man ang iyong sapin
punit-punit ang yong damit nawa ika'y mapasaakin
3. Hesus na aking kapatid sa bukid ka nagtanim
O sa palengke rin naman ikaw ay naghahanap-buhay.

PANGWAKAS NA AWIT

TUMAWAG SA POON

Kung ika'y nagagalak tumawag sa Panginoon
Kung ika'y nalulungkot tumawag sa Poon
Kung ika'y nahahapis tumawag sa Panginoon
sa pagdadalamhati tumawag sa Poon.

1. Kapag nagagalak at nasisiyahan
umawit sa kanya ng kaligayahan
salamat Panginoon sa lahat ng tanan
sa lahat ng tuwa't kaligayahan.

DAKILANG PAG-IBIG

Koro: Dakilang pag-ibig saan man manahan
Diyos ay naroroon walang alinlangan.

1. Tinipon tayo sa pagmamahal
ng ating Poong si Hesus
tayo'y lumigaya sa pagkakaisa
sa Haring nakapako sa krus

2. Purihi't ibigin ang ating Diyos
na syang unang nagmamahal
kaya't buong pag-ibig rin nating maahalin
ang bawa't kapatid natin.

PAUNAWA

1. Maaaring gumamit lamang ng 1 tono para sa Salmong Tugunan sa isang buwan. Subali't mas angkop na sa bawa't lingo ay gamitin ang tonong inilaan para sa Salmong Tugunan.